

Ulat Balita ng Kinatawan ng Kongreso para sa Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki Isyu bilang: 52



Pinamamatnugutan at inilathala ng: Tanggapan ng pantao at Pagkakapantay-pantay
Ng Kasarian kawanihan ng Kapakanan ng mga mamamayan at Bata
Tanggapan ng Lungsod ng Kawasaki Petsa ng paglathala: Enero 15, 2015
(Wikang Hapon) <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0-0.html>
(Madaling salitang Hapon) <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html>

<Sa International Festival in Kawasaki>

Noong nakaraang (Linggo) ika-6 ng Hulyo, Dumalo ako sa unang pagkakataon sa ibento na International Festival na idinaos para sa iba't-ibang kultura. (Pangalawang beses ito bilang kinatawan ng pagpupulong magkasunod na taon).

Sa araw na ito, sa panlabas na entablado, may pagtatanghal ng awit at sayaw mula sa iba't ibang bansa at pagbebenta ng mga katutubong pagkain ng iba't ibang bansa. Sa loob ng center may mga entablado din sa bulwagan ng mga instrument, sayaw, mga pagsusukat ng yukata at iba pang corners na pwedeng salihan.

Kaming mga miyembro ng kinatawan din ay nagpa-janken sa mga bata, masayang nakipaglaro, ipinakilala naming ang mga aktibidades at siguradong naipatalastas naming ang mga gawain ng kinatawan ng pagpupulong. Namangha ako sa dami ng mga dumalo sa nasabing ibento lalo na ang ganda ng kapaligiran. Naging Masaya ang buong maghapon n gaming paglalagi dito.



(Mo Fongchu)

<Bumisita sa buong Lunsod>

Noong ika-27 ng Hulyo, 2014, Namasyal kami sa buong Lunsod sa pamamagitan ng Bus sa kalagitnaan ng mainit na panahon.

Una sa lahat ang aming binisita ay ang [Fureai Kan]. Sa Fureai kan, bilang residente sa iisang lokalidad, mga hapon man o dayuhan, pinalalim at lalong pinaunlad ang aktibong pakikipagkapwa-tao, at pakikipagkaibigan. Sa Fureai kan, mayroon silang kurso ng Nihonggo, tradisyunal na sayaw at ito ay bukas na lugar para sa paglalaro ng mga bata.

Kasunod ditto na aming binisita ay ang Kyouiku Bunka kaikan ng Kawasaki. Tamang-tama naman na ginanap sa mismong araw na ito ang paligsahan ng Brass band ng mga paaralan sa loob ng Prepektura. Ayon sa aming pakikipag-panayam sa taga pamahala ng bulwagan, ang gusaling ito ay nagbibigay ng lakas at inspirasyon sa mga sining ng mga residente at sumusuporta sa kanilang pang-kulturang Gawain maging ang mga grupo ng mga resident eng lunsod.

Una sa lahat, kailangang magpa-rehistro sa tanggapan ng {Fureai net}, sa pamamgitan nito, pwedeng manghiram ng mga silid para sa pagpupulong, pag-aaral at iba pang layunin.

Sa bandang huli, binisita naming ang [Tokaido Kawasaki Juku kouryu kan]. Napakagandang gusali ito. Pwedeng mapag-alaman ang buong kasaysayan ng Kawasaki at ang kultura nito sa touch panel. Matutunghayan ang lumang pagkakagawa ng lokalidad, makikita ang mga kasuotan ng mga maglalakbay na nakasulat sa table at pwedeng-pwede ang magpakuha ng litrato sa lugar na ito.

(Gong Minsuk)



◇Pagpapahayag ng sub-komisyon◇

■Sub-komisyon ng welfare education

Sa pang 10 term , tatalakayin ang tungkol sa mga sanggol, paaralan, mga matatanda, pensyon,seguro at inang wika.Kasama ang mga baguhang miyembro, habang iginagalang ang kanilang mga opinyon, damdamin ay inaasahang makapagpalitan ng mga kuro-kuro sa isa't isa. Muli, sa dami ng temang dapat pag-usapan at masusing pag-isipan, dapat lamang na magplano ng maayos sa mga susunod na araw.

Magpapatuloy din bilang pinuno ng sub-komisyon ng welfare education ang dating pinuno ng ika-10 term.Sa aking personal na opinyon, una sa lahat pinaka-buod ng aking pag-iisip ang makapagbigay ng tamang impormasyon sa mga residenteng dayuhan ng Lunsod ng Kawasaki. Nais kong ipagpatuloy ang paggawa ng mas magandang panukala at diskusyon sa pamamagitan ng paggamit ng aking natutunang leksiyon pati na ang mga karanasan noong nakaraang pang-9 na term.

(Pinuno ng sub-komisyon ng welfare education. Sonoda Izumi Beatriz)

■ sub-komisyon ng panlipunang pamumuhay


Ako po si Ren, ang bagong pinuno ng sub-komisyon ng panlipunang pamumuhay.

Para sa akin,ang pinaka-main na trabaho ng pinuno ng sub-komisyon ay ang ayusin ang daloy ng aktibong talakayan ng mga miyembro, responsibilidad kong makabuo ng lalong mas magandang panukala sa loob ng dalawang taon.

Ang sub-komisyon ng panlipunang pamumuhay sa buwan ng Septyembre ay magpo-focus sa kanilangimbestigasyon at diskusyon sa temang [Suporta sa paghahanap ng trabaho para sa mga residenteng dayuhan]. Una sa lahat, sinigurado ko muna ang kasalukuyang kondisyon,at mayroon ngang maaaring pakinabangang sistema ng tanggapang pampamahalaan. Kaya lang ang isang dayuhan na nagnanais makapag-hanap buhay dito sa bansang hapon, kailangang may kakayahan sa trabaho, abilidad at higit sa lahat ang kakayahan nito sa wikang hapon ay kasali sa ebalwasyon.Sa pagpupulong maging ang mga bihasa sa Kanji o hindi, may iba't ibang lebel ng Nihonggo ang bawat isa, hindi lamang ang mga basic na kaalaman kundi mas mataas pang lebel ay kailangan ng suporta ayon sa isang opinyon.

Sa hinaharap, inaasahang makapaghanda ng detalyadong panukala sa bawat tema, titignan sa iba't ibang anggulo, iimbestigahan at pagdi-diskusyonan ang mga ito.

(Pinuno ng sub-komisyon ng panlipunang pamumuhay Ren Jialin)



Nais mong makinig sa pagpupulong?

—Iskedyul ng pagpupulong ng mga kinatawan sa 2014—

Lugar : Kawasaki International Center

(10 minutong lakarin mula Motosumiyoshi eki ng Toyoko • Meguro line)

Mapa: <http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml>

Oras : Alas 2 hanggang alas 5 ng hapon

Ika-4 beses pang 1 araw 1/18 (Linggo)

Ika-4 beses pang 2 araw 2/15 (Linggo)

Sa pagpupulong, maaaring dumalo ang kahit sino.

(makinig)Inaasahan namin ang inyong pagdalo sa pagpupulong ng mga kinatawan !



Pagpapakilala sa bagong kinatawan

Dahil sa pagbibitiw ni ginang Sharma Gadjenda, idinagdag bilang kinatawan si ginoong Tung Yuheng.



◇ Pangalan, nasyonalidad/ tirahan

Yuhei Dou (Taiwan)

◇ Mga nais talakayin sa pagpupulong. Pakiramdam bilang kinatawan

Isang malaking karangalan para sa akin ang mapili bilang kinatawan. Bagamat sumali ako sa kalagitnaan, inaasahan kong sa pakikipag-kooperasyon sa iba pang kinatawan, ay magagampanan kong makatulong na maging magandang tirahan ang Lunsod ng Kawasaki hindi lamang para sa mga dayuhan kundi pati na rin sa mga Hapon.

◇ Kasabihan

If you can dream it, you can do it. (Kung kaya mong pangarapin, kaya mong isakatuparan)

Pamumuhay sa Alemanya sa Taglamig~Kwentong panahon~

Sa Europe, pagdating ng pagtatapos ng taon, maigsi ang oras sa tanghali, maagang nagtatakipsilim atlumalamig ang panahon tanda ng pagta-taglamig. Sa ganitong panahon, Isang mainit na pamamahay, buong pamilya at mag-anak ay nagtitipon-tipon upang magsalo-salo at mag-kwentuhankung saan ang baw't isa ay makakaramdam ng mainit na kasiyahan sa kanilang puso. Sa bansang Alemanya, ang Krismas ay panahon na mayaman sa napapanahong kwento pang-Pasko.

Sa pagkakataong ito, nais kong ipakilala ang kwentong madalas kong marinig noong ako ay musmos pa. Mga bandang 80's sa kanlurang Alemanya ay naging sikat ito sa mga sinehan na pinamagatang "Ang Gansang Mauguste • Pasko"

May isang mangangawit ng Opera, kung saan, bumili ng isang gansa noong Nobyembre, isang buwan bago magpasko upang gawing handa ito. Ang gansa ay isang magarbong handa, at espesyal para sa Pasko kung saan ang kanyang asawa at 3 anak ay tuwang-tuwa rin dito.

At upang maging mas magarbo itong handa, napag-usapan nilang alagaan at patabain ito sa silong o basement. Hindi inaasahang nagging malapit ang mga bata sa gansa at pinangalanan pa nila ng [Mauguste]

At dahil sa naging malapit ang mga bata kay Mauguste, naawa ang mga bata sa gansa na nakatira sa silong kung kaya't inalagaan nila ito sa kanilang kuwarto. Nang nalalapit na ang bisperas ng pasko, ayaw pumayag ng mga batang gawing handa ang kanilang paboritong Mauguste. Gayunpaman, ang kanilang ama ay hindi sumuko sa paghanda para sa pasko kung kaya't palihim nitong tinanggalan ng balahibo bilang paghahanda para iluto ang gansa sa araw mismo ng pasko. Subalit sa kagandahang palad, napag-alaman ng mga bata ang tungkol ditto at iniligtas nila si Mauguste sa pagkakaluto. Mula noon, isinuot ng mga bata ang sweater kay Mauguste at itinuring nilang pet o alaga ito at naging kasama ng buong pamilya at masayang namuhay.



* * * * *

Katulad ng kwento ni [Mauguste] maari ninyong i-share sa iba ang alam ninyong kwento, pwede ring gumawa kayo ng bagong kwentong gamit ang inyongimahinasyon. Subukan din ninyong i-kwento, isali sa mga pagku-kwentohan ninyo kapag nagsalo-salo sa panahon ng taglamig, tiyak magiging mainit ang inyong tahanan sa panahong taglamig.

(Dittmar Daniela)

■ Napaghandaan na ba? Pag-iwas sa kalamidad nitong tag-lamig!

Sa bansang hapon, mula nang manyari ang malaking lindol sa Kanto noong taong 1923, itinalaga na tuwing ika-1 ng Septyembre ay maging [Araw ng Kalamidad] dahil dito, ang lokalidad ay idinadaos ang disaster drill taon-taon. Samantala, noong Marso ng taong 2011, kung kaylan nangyari ang Higashi Nihon Daishinsai, pinahalagahan ang pagiging lagging handa sa anumang oras at panahon.

Sa lunsod ng Kawasaki, pagdating ng ganitong panahon, maging pribado o sa isang mag-anak, may nakalaan at pinaghandaang buklet na naglalaman kung ano, paano ang paghahanda na pinamagatang “Sonaeru Kawasaki” na ipinamimigay sa mga residente. Sa buklet na ito, matutunghayan ang pag-iingat sa lindol sa loob ng bahay, mga listahan ng mga bagay na dapat ihanda, mga dapat pag-iingatang bagay kung lilikas, kapag hindi nakauwi sa tahanan mula sa trabahoo sa labas ng bahay, paraan ng paninigurado ng kaligtasan ng miyembro ng pamilya at pagpapakilala ng mga panggagalingan ng impormasyong pang-dayuhan. Sa bawat distrito, may mga listahan din ng mga evacuation (Paglilikas) areas, lugar na may rasyon sa tubig, lugar ng emergency hospitals na tinatawag na [Kawasaki-shi Bosai Map].

Alinman sa mga ito ay nakasulat sa [Madaling Nihonggo] at 8 na iba pang wika na makukuha sa mga tanggapang pampamahalaan at mga sangay nito. Maari din na i-download sa home page ng Kawasaki City. Halina, makinabang at alamin ang mga bagay na dapat pag-iingat sa panahon ng kalamidad.



(Kim Sunok)

「Sonaeru. Kawasaki」 <http://www.city.kawasaki.jp/160/page/0000015861.html>
<http://www.city.kawasaki.jp/160/page/0000023635.html>

「Bosai Map」 <http://www.city.kawasaki.jp/kurashi/category/15-3-13-7-0-0-0-0-0-0.html>



Impormasyon ng Lunsod ng Kawasaki

Alam mo ba? 「Ordinansa sa pag-iwas ng paninigarilyo sa kalye sa Lunsod ng Kawasaki」

Sa Lunsod ng Kawasaki, sa pagnanais magkaroon ng ligtas at malinis na tirahan, binigyang diin ang mga lugar tulad ng lansangan, harap ng istasyon at mga lugar na maraming nagdaraang tao bilang lugar na **“Ipinagbabawal ang paninigarilyo”** sa mga lugar na ito.

Ang mga hindi sumunod sa patakaran ito, magmumulta ng 2,000 yen.

Mga 6 na lugar at paligid na pinagbawalan mula Marso, 2014

- ①Kawasaki Sta. ②Musashi Kosugi Sta. ③Musashi Mizonokuchi Sta.
 ④Saginuma Sta. ⑤Noborito • Mukogaoka-yuen Sta. ⑥Shin-yurigaoka Sta.

※ 「mga binigyang-diing lugar」 ay maaaring magbago.



Para sa detalye ng lugar, tignan ang Home page

<http://www.city.kawasaki.jp/kurashi/category/24-1-16-3-0-0-0-0-0-0.html>

【Katanungan】

Tanggapan ng mga karapatang pantao at pagkapantaypantay ng kasarian, Kawanihan ng kapakanan Ng mga Mamamayan at mga Bata sa Lungsod ng Kawasaki

1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-8577

Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa News letter at Kapulungan

Ang papel na ito, ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.

